

# Sentro ng Wika at Kultura

## KONSEPTO NG SENTRO NG WIKA AT KULTURA

Ang Sentro ng Wika at Kultura (SWK) ang bagong pangalan sa sangay na panrehiyon ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). Ipinahihiwatig mismo ng bagong pangalan ang bago at higit na malawak na oryentasyon ng Sentro sa ilalim ng pangangasiwa ng KWF. Bukod sa mga gampaning pangwika, ang Sentro ay inaasahang lumahok at kung maaari'y manguna sa pagsusulong ng mga katangiang pangkultura ng pook (bayan, lalawigan, o rehiyon) na kinalalagyan nito. Ipinapakita sa pamamagitan ng naturang reoryentasyon sa direksyon ng Sentro ang pananalig ng KWF sa wika bilang aktibong bahagi ng buha ng sambayanan at sa gayon ay imbakan ng karunungan at karanasan ng lipunan. Kultura ang nilalaman ng wika, kaya higit na kongretong saliksikin at pahalagahan ang wika kaugnay ng kultura ng madlang gumagamit nito.

Bawat Sentro ng Wika at Kultura ay hihirangin ng Komisyon sa Wikang Filipino sa pamamagitan ng isang kapasiyahan ng Kalupunan ng mga Komisyoner. Ibabatay ang paghirang mula sa nasiyasat na mga gawain at proyekto ng kandidatong paaralan/institusyon/organisasyon sa larang ng wika at kultura, sa mga inisyatiba (gaya ng paglalaan ng pondo, tauhan, impraestruktura, atbp.) para tupdin ang naturang gawain, at sa isusumiteng programa nito tungo sa pagsusulong pa ng wika at kultura. Inaasahan na ang kandidatong sentro ay magiging modelo sa pagsasaliksik, pag-iimbak, at pagtatanghal ng wika at kultura mula sa pook nito samantalang masugid na nagtataguyod sa wikang Filipino at kulturang pambansa.

Sa kabuuan, ang maging Sentro ng Wika at Kultura ay isang uri ng pagdangal sa naturang kakayahan ng isang kandidatong paaralan/institusyon/organisasyon. Tatanggap ang hinirang na Sentro ng isang katibayan, ang selyo ng "Dangal ng Wika at Kultura," mula sa Komisyon sa Wikang Filipino, bukod sa tulong

at patnubay sa pagsasagawa ng mga proyekto. Gayunman, ang naturang selyo ay hindi palagian. Maaaring bawiin ng KWF ang “Dangal ng Wika at Kultura” kapag napatunayang napabayaang ng Sentro ang mga tungkuling isinasaad ng unang paggagawad sa isang Sentro. Magiging permanenteng “Dangal ng Wika at Kultura” ang isang Sentro kapag tatlong ulit itong tumanggap ng paghirang mula sa KWF.

Sisimulan ang paghirang sa magiging Sentro ng Wika at Kultura mula sa hanay ng kasalukuyang mga Panrehiyong Sentro ng Wika. Samantala, nakabukas at inaanyayahan ang lahat ng interesadong paaralan/institusyon/organisasyon na magsumite ng liham ng kandidatura upang maging Sentro. Ilakip lamang sa liham ng kandidatura ang kaukulang impormasyon hinggil sa kasaysayan ng paaralan/institusyon/organisasyon, natatanging proyektong pangwika at pangkultura, mga parangal at gawad na natanggap, at mga planong panghinaharap.

#### **MGA DIREKTOR NG SENTRO NG WIKA AT KULTURA (SWK)**

